*Sa ngalan ng Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County, gusto kong ipaabot ang aking pakikiramay sa iyo. Para tulungan ka sa mahirap na panahong ito, naghanda ako ng mga sagot sa ilang madalas itanong.*

**Saan dadalhin ang aking mahal sa buhay?**
Dadalhin ang iyong mahal sa buhay sa Pathology Division ng Coroner na nasa 222 W. 39th Avenue sa San Mateo.

**Puwede ba akong makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Coroner?**
Puwede. Puwede kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Coroner sa (650) 312-5562 mula 6:00 a.m. hanggang hatinggabi araw-araw at hilinging makipag-usap sa on-duty na deputy coroner.

**Puwede ko bang makita ang aking mahal sa buhay habang nasa Tanggapan siya ng Coroner?**
Ang Pathology Division ng Tanggapan ng Coroner ay hindi siyang mainam na lugar para makita ang iyong mahal sa buhay. Ang pagbisita ng ng mahal sa buhay ay dapat ayusin at mangyari sa iyong piniling funeral home.

**Ano na ang dapat kong gawin?**
Kapag sa tingin mo ay kaya mo na, dapat mong gawin ang sumusunod:

- Makipag-ugnayan sa napili mong funeral home at sabihin sa kanila ang nangyari.
- Makipag-usap sa pamilya at/o mga kaibigan na nakapag-ayos na dati ng burol at makakatulong sa iyo sa prosesong ito.

**Ayon sa batas, inaatasan ang mga funeral home na mag-quote ng mga serbisyo at presyo sa pamamagitan ng telepono. Mainam na makipag-ugnayan sa ilang funeral home para matanong tungkol sa kanilang mga serbisyo at halaga bago magpasya.*

Pagkatapos makapili ng funeral home:

- Sabihin sa funeral home na nauugnay ang Tanggapan ng Coroner sa pagtukoy ng dahilan ng pagkamatay ng iyong mahal sa buhay at nasa Tanggapan ng Coroner ang iyong mahal sa buhay.
- Hihilingin sa iyong lumagda sa isang release form na nagpapahintulot sa funeral home na ilipat ang iyong mahal sa buhay mula sa Tanggapan ng Coroner papunta sa funeral home na napili mo.

**Kailan puwedeng gawin ang paglilibing?**
Sa karamihan ng mga kaso, mainam na ipagpalagay na sa ikaapat na araw pagkatapos maiulat ng pagkamatay sa Tanggapan ng Coroner, isang burol ang isasagawa; gayunpaman, pinakamainam na direktang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Coroner para maunawaan ang timeline para sa pag-release ng iyong mahal sa buhay. Sa ilang kaso, gaya ng mga kasong nauugnay sa mga biktima ng homicide, ire-release lang ang labi kapag nakuha na ang lahat ng kinakailangang ebidensya.

**Bakit nauugnay ang Tanggapan ng Coroner?**
Ayon sa nakasaad sa CA Government Code 27491, iniimbestigahan ng Tanggapan ng Coroner ang anumang hindi natural na pagkamatay, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga pagkamatay na nauugnay sa mga kriminal na pagkilos, aksidente o pinsala, pagkamatay sa operating room, pinaghihinalaang paglason o overdose, panganib sa trabaho, at pinaghihinalaang biglaan at hindi maipaliwanag na pagkamatay ng sanggol. Iniimbestigahan din ng Tanggapan ng Coroner ang anumang natural na pagkamatay kung saan hindi natingnan ng doktor kamakailan ang pumanaw, o hindi alam ang medikal na kasaysayan ng pumanaw. Bukod pa rito, iimbestigahan din ang sinumang taong namatay habang nasa kustodiya ng isang ahensyang nagpapatupad ng batas, o alam na may nakakahawang sakit na banta sa kalusugan ng publiko. Ang mga pumanaw na inisyal na hindi nakikilala ay dadalhin sa hurisdiksyon ng Tanggapan ng Coroner.

**May bayarin ba sa mga serbisyong ito?**
Ayon sa Government Code Section 27472, awtorisado ang Tanggapan ng Coroner na maningil ng mga bayarin para sa pag-aalis at pag-iimbak ng labi ng pumanaw. Makikipag-ugnayan ang isang kinatawan ng Tanggapan ng Coroner sa (mga) responsableng tao para ipaliwanag ang anumang nauugnay na bayarin sa Tanggapan ng Coroner.
**Babayaran ang mga bayarin sa pamamagitan ng funeral home, at hindi nang direkta sa Tanggapan ng Coroner.*

**Paano ko makukuha ang ari-ariang na-recover ng Tanggapan ng Coroner?**
Ang personal na ari-arian ng pumanaw ay puwedeng makuha sa Tanggapan ng Coroner na nasa 50 Tower Road sa San Mateo sa regular na oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m., hindi kasama ang mga pederal na holiday.

- Dapat lumagda ang pinakamalapit na kamag-anak sa Tanggapan ng Coroner o dapat siyang magbigay ng awtorisasyon sa ibang tao, sa pamamagitan ng pagsulat, para tanggapin ang ari-arian. Dapat magpakita ng photo ID na ibinigay ng pamahalaan sa oras ng pag-release ng ari-arian.

1. <u>Pag-release ng Awtorisasyon para sa Ari-arian at Pinal na Disposisyon</u> Ang mga dokumentong ito ay puwedeng sagutan ng legal na pinakamalapit na kamag-anak para payagan ang isa pang indibidwal na kumilos sa kanyang ngalan. Ang dalawang dokumento ay dapat may kopya ng ID na ibinigay ng pamahalaan (gaya ng lisensya sa pagmamaneho o pasaporte) ng legal na pinakamalapit na kamag-anak.
2. <u>Pag-release ng Baril</u>
Simula Enero 2014, dapat ay rehistrado ang anumang baril, kasama ang mga long gun. Ire-release ng Tanggapan ng Coroner ang isang rehistradong baril sa legal na pinakamalapit na kamag-anak, na humiling ng naaangkop na clearance mula sa Department of Justice.

**Bakit nagsasagawa ng mga autopsy?**
May ilang dahilan kung bakit nagsasagawa ng mga autopsy; gayunpaman, ang pinakakaraniwang dahilan ay ang patukoy ng medikal na dahilan ng pagkamatay. Puwede ring isagawa ang isang autopsy para mangalap ng kinakailangang ebidensya para sa presentasyon ng isang kaso sa hukuman.

**Palagi bang nagsasagawa ng autopsy?**
Hindi palagi. Karaniwang HINDI magsasagawa ng autopsy ang Coroner kung ang pumanaw ay may doktor na alam ang medikal na dahilan ng pagkamatay.

***Kung mapagpapasyahan ng Coroner na kailangan ng autopsy o forensic na eksaminasyon, puwedeng panatilihin ng Coroner ang mga tissue, (mga) organ, dugo, at/o likido sa katawan, ayon sa kinakailangan o ipinapayo para sa pagsisiyasat sa kaso, o para sa pag-verify ng kanyang mga napag-alaman. (Ref: Ca. Government Code 27491.4)***

**Paano ko malalaman kung ano ang naging dahilan ng pagkamatay ng aking mahal sa buhay?**
**Tumawag sa Coroner sa (650) 312-5562.** Karaniwan, matatapos na ang eksaminasyon sa hapon ng araw ng tanggapan, pagkataposs ng pagkamatay. Puwedeng malaman ang dahilan ng pagkamatay sa oras na iyon; gayunpaman, *posibleng abutin ng sampu hanggang labindalawang linggo ang mga kasong may nauugnay na pagsusuri ng dugo o microscopic na eksaminasyon, bago matukoy ang dahilan ng pagkamatay*
**Karaniwan, hindi kailangan ng Tanggapan ng Coroner na i-hold ang pumanaw para sa mga ganitong test, para maipagpatuloy ng pamilya ang mga plano sa pagbuburol.*

***Nag-eembalsamo ba ang Coroner?***
Hindi. Gayunpaman, may mga natatanging okasyon na dapat iembalsamo ang isang katawan para sa mga dahilang pangkalusugan.

**Paano ko matatanggap ang katibayan ng pagkamatay?**
Sasagutan ng Tanggapan ng Coroner ang medikal na impormasyon sa katibayan ng pagkamatay. Sasagutan ng pinili mong funeral home ang demograpikong impormasyon sa katibayan ng pagkamatay.

Ang funeral home ang magfa-file ng katibayan sa seksyong <u>Vital Statistics</u> ng County Health Department. Available ang mga sertipikadong kopya sa iyong funeral home o nang direkta sa Health Department sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 573-2371 (posibleng may mga bayarin).

**Paano ako makakakuha ng kopya ng Ulat ng Coroner?**
Kailangan ng nakasulat na kahilingan para makakuha ng kopya ng Ulat ng Coroner.

Pakibisita ang website: Coroner.smcgov.org at piliin ang “Request a Report” sa ilalim ng tab na “General Information” malapit sa itaas ng page.

**Paano ako makakahiling ng pribadong autopsy?**
Puwedeng humiling ng mga pribadong autopsy para sa mga pagkamatay na hindi nasasaklawan ng hurisdiksyon ng Tanggapan ng Coroner. Ang mga ganitong autopsy ay puwedeng isagawa ng Tanggapan ng Coroner pagkatapos magbigay ang legal na pinakamalapit na kamag-anak ng nakasulat na pahintulot, at paunang magbayad ng mga karaniwang bayarin para sa pribadong autopsy. (CA Government Code Section 27520)

*Sana ay nakatulong ang pamphlet na ito sa iyo. Muli, gusto kong iparating ang aking pakikiramay sa napakahirap na panahong ito. Tinitiyak ko sa iyo na tratatuhin ang iyong mahal sa buhay nang may respeto at dignidad habang siya ay nasa Tanggapan ng Coroner. Layunin ng imbestigasyon ng Tanggapan ng Coroner na malaman ang katotohanan. Tumutulong ang walang kinikilingang medicolegal death investigation na suportahan at protektahan ang publiko.*

*Makakaasa ka sa serbisyo ng aking tanggapan. Kung mayroong anumang iba pang tanong, tumawag sa (650) 312-5562.*

*Taos puso,*
**Robert J. Foucrault**
**Coroner, San Mateo County**
50 Tower Road, San Mateo, CA 94402
Business Office: (650) 312-5562
Fax: (650) 571-6258
Website: Coroner.smcgov.org

***Mahalaga sa San Mateo County Cares ang pagbibigay ng husay at magalang na pampublikong serbisyo. Gusto naming malaman kung nagagawa namin ito at kung paano pa namin mapapahusay ang aming serbisyo. Maglaan ng panahon para sagutan ang survey na online sa website ng Coroner ng San Mateo County sa ilalim ng tab na “General Information” malapit sa itaas ng page at piliin ang “San Mateo County Cares: Coroner Survey”.***

***Kung wala kang access sa internet, puwedeng magpadala ng survey sa iyo, ayon sa iyong kahilingan.***

**Mga Resource ng County**
San Mateo County Public Administrators Office (650)573-3475
225 37th Avenue, San Mateo 94403

Nag-iimbestiga ang Public Administrator at puwede nitong pangasiwaan ang mga estate ng mga taong namatay na mayroon o walang habilin o naaangkop na taong handa o may kakayahang kumilos bilang tagapangasiwa. Pareho ang mga tungkulin at gawain ng Public Administrator sa mga Private Administrator.

Kung makikipag-ugnayan ka sa Public Administrator para sa tulong, poprotektahan ng Tanggapan ng Public Administrator ang ari-arian ng pumanaw, gagawa ito ng naaangkop na kasunduan sa disposisyon, magsasagawa ito ng masusing imbestigasyon para matuklasan ang lahat ng asset, at mag-set up ng indibidwal na trust. Kokolektahin din ng Tanggapan ng Public Administrator ang mga dapat bayaran, pamamahalaan ang real at personal na ari-arian, titiyaking napapamahalaan ang estate ayon sa mga kahilingan ng pumanaw, at hahanapin ang mga taong may karapatang manahin ang estate.

| | |
|---|---|
| Heath Department of San Mateo County | (650) 573-2582 |
| Community Health Field Services | (650) 573-2501 |

**Mga Karagdagang Resource**

| | |
|---|---|
| Hotline sa HIV/AIDS | (800) 367-2437 |
| Center for Living with Dying (Bill Wilson Center) | (408) 553-6950 |
| KARA (Suporta sa Pagluluksa) | (650) 321-5272 |
| SIDS Foundation | (800) 232-7437 |
| HAND (*Helping After Neonatal Death*) | (888) 908-4263 |
| CORA (Community Overcoming Relationship Abuse) | (800) 300-1080 |
| Social Security Administration | (800) 772-1213 |
| Bereavement and Spiritual Care Services | (650) 991-6439 |
| Veterans Benefits | (800) 827-1000 |
| Suicide Prevention StarVista Crisis Hotline | (650) 579-0350 |
| Legal Aid Society | (650) 558-0915 |

Crisis Text Line-I-text ang “BAY” sa 741741 para makipag-ugnayan sa isang tagapayo sa krisis

# *Ano na ang dapat kong gawin?*

Ilang kapaki-pakinabang na
impormasyon mula sa
Coroner ng San mateo County
***Robert J. Foucrault***

**Tagalog**